

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINAPI SA KATITIKAN NG IKA-16 NA REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 08 MAYO 2000, IKA-9:05 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sinel, Jr.
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Mar Arlene M. Toleno
Konsehal Eduardo G. Villamin

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:

Konsehal Randy P. Valencia

- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan
On Seminar

KAPASYAHAN BLG. 040
Taong 2000

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA NATIONAL TELECOMMUNICATIONS COMMISSION NA PAHINTULUTAN AT BIGYAN NG PRANGKISA ANG MGA NAGNANAIS MAGTAYO NG CABLE TV SA BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

- SAPAGKAT** ang Roxas ay isa sa mauunlad na bayan sa lalawigan ng Silangang Mindoro sa maraming larangan ng industriya at komunikasyon, isa na rito ay ang media gaya na nga ng telebisyon;
- SAPAGKAT** ang makabagong teknolohiya sa telebisyon tulad ng cable TV ay napapanahon sa isang bayang tulad ng Roxas, Silangang Mindoro kung saan ang mga mamamayan ay may mataas na antas ng pagpapahalaga at panunaw sa kultura ng bansa at sa mga pangyayaring nagaganap sa loob at labas ng Pilipinas na nakaaapekto sa pang-araw-araw na gawain, hanapbuhay at iba pang aspeto ng pamumuhay ng tao;
- SAPAGKAT** ang kaisa-isang cable TV network na nagseserbisyo sa bayang ito, ang ROMICOMM TV Network ay mahigit nang limang (5) taong nagseserbisyo sa mga mamamayan ng Roxas subalit sa kalahatan hindi nito naibigay ang maganda at mataas na uri ng paglilingkod na kasukat sa ibinabayad ng mga mamamayan;
- SAPAGKAT** sa maraming panahon at pagkakataon hindi nakaabot sa pamantayang nararapat ang ROMICOMM tulad na nga ng hindi pagdaragdag ng mga channel na may kalidad at angkop sa mga manonood; kung nagdagdag man ito ay banyaga at hindi naiintindihan dahil hindi sa wikang Tagalog o Ingles;

SAPAGKAT ang elektrisidad ay nakaabot na sa halos 15 barangay (75% ng mga barangay ng Roxas) subalit ang kasalukuyang CATV ay apat (4) na barangay o 20% pa lang ang nakaabot ng serbisyo;

SAPAGKAT napakarami nang mga tao at korporasyon ang nag-aaplay sa Sangguniang Bayan ng Roxas para sa permiso ng pagtatayo ng cable TV sa bayang ito subalit nakapagtatakdang sa loob ng mahabang panahon na ang mga ito ay nai-endorso sa National Telecommunications Commission, wala isa mang napagkalooban ng prangkisa maliban sa ROMICOMM Network, Inc.; ang mga nabanggit ay ang sumusunod:

- 1.) Southern Mindoro CATV, Bongabong, Oriental Mindoro, Resolution No. 07, February 17, 1993
- 2.) San Jose CATV Services, Inc., San Jose, Occidental Mindoro c/o Mr. Rizaldy Castillo, Resolution No. 022, April 30, 1993
- 3.) MOCAT Corp. c/o Mr. Felicito Famero, Resolution No. 072, November 19, 1993
- 4.) Tamaraw Visions Network (TV Net), Calapan, Oriental Mindoro, Resolution No. 037, April 04, 1994
- 5.) ROXMAN CATV, Roxas, Oriental Mindoro c/o Mr. Cosme Mores, Resolution No. 004, February 02, 1998
- 6.) VICORMIN, Victoria, Oriental Mindoro, Resolution No. 119 November 29, 1999

SAPAGKAT ipinararating tuwiran man o di tuwiran ng mga mamamayan ang mga sentimiyento sa uri ng serbisyo ng ROMICOMM kung kaya't pinagkalsahan ng mga namumuno ng bayang ito na mapitagang hilingin sa National Telecommunications Commission na iproseso ang aplikasyon ng mga nabanggit na aplikante ng CATV sa bayang ito at ng iba pang mag-aaplay ng prangkisa upang malwasan ang monopoliya at mapaganda ang serbisyo sa larangan ng telebisyon sa bayang ito.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Eduardo G. Villamin na sinang-ayunan ng lahat —

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa National Telecommunications Commission na pahintulutan at bigyan ng prangkisa ang mga naghahanais maglayo ng cable TV system sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na dumaan sa prosesong itinakda ng ahensyang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa National Telecommunications Commission, Quezon City para sa kanilang masusing pag-aaral at nararapat na aksyon.

Pinagtibay ng lahat. 08 Mayo 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMARILIS
Punong Bayan

merz/